TOMO IX - ISYU 2
ABRIL - SETYEMBRE 2020
REBOLUSYONARYONG PAHAYAGAN NG MINDORO

**EDITORYAL**

# Panagutin ang Rehimeng Duterte sa dumaraming krimen nito sa mga Mindoreño

**Kabi-kabila ang reklamo ng sambayanan laban sa Rehimeng Duterte. Sumasaklaw ang mga reklamong ito mula sa kabuhayan hanggang sa batayang mga karapatan ng mamamayan.**




Dumanas ang mga Mindoreño ng sunud-sunod na hambalos dulot ng mga gawa ng taong kalamidad dala ng mga pasista at anti-mamamayang patakaran at programa ng rehimeng US-Duterte. Ibayong pinalala nito ang epekto ng mga natural na kalamidad na dumaan sa bansa.

Para sa mga Mindoreño na nabubuhay pangunahin sa industriya ng palay at bigas, pangunahing kriminal na pananagutan ng rehimeng US-Duterte ang pagsasabatas nito ng *Rice Tariffication Law* (RTL) noong huling kwarto ng 2019. Halos pinatay ng neoliberalistang batas na ito ang dati nang naghihingalong industriya ng palay at bigas. Dahil dito, sumadsad nang husto ang presyo ng palay na nagpahirap sa daan-daang libong magsasaka't mamamayan sa Mindoro. Ibayong pinalala nito ang epekto ng bagyong Tisoy at Ursula na tumama sa isla sa pagtatapos ng taong 2019 at ang mga sumunod pang kalamidad na dumating sa taong 2020, pangunahin na ang pandemyang COVID.

Naghuhumiyaw ang reklamo sa napakababang presyo ng produktong bukid tulad ng palay, niyog, saging, gabi o bundo, luya, bawang, sibuyas at mga gulay habang pumapaimbulog pataas ang gastos sa pagsasaka at mga pangunahing bilihin.

Naunawaan natin ang mga sakripisyong kailangan para makaiwas sa bayrus ng COVID. Subalit mas dinamdam natin ang kamay na bakal na tugon ng rehimeng Duterte sa pandemya. Dagdag pa rito ay ang pag-alingasaw ng katiwalian sa Philhealth sa gitna ng pandemya. Pasakit sa nakararaming mamamayan ang kawalan ng matinong pampublikong serbisyong pangkalusugan lalo na para sa mga mahihirap nating kababayan. Nagtiis din tayo sa gamumong ayuda mula sa gobyerno na dumating ilang buwan na matapos ang patakarang *lockdown*. Sa katunayan, iilan lamang ang nakatanggap nito habang higit na marami pang kababayan natin ang hindi nakatatanggap ni isang kusing mula sa mga ayudang ito.

Nakaamba palayasin ang buo-buong mga pamayanan ng magsasaka at katutubo upang kamkamin ang kanilang mga lupain para sa mga anti-mamamayan at nakasisira sa kalikasang proyektong mina, dam, *renewable energy projects* (REP) at ang *Tamaraw Conservation Management Action Plan* (TCMAP) 2019-2028. Nakatakdang manalasa ang malakihan at dayuhang pagmimina sa isla ng Mindoro matapos pahintulutan ng pasistang rehimen ang lahat ng klase ng pagmimina sa buong bansa para makabawi ang ekonomya nito mula sa epekto ng pandemya.

Sa sektor ng pangisda,

dinadahas at ginigipit rin ang mga mangingisdang Mindoreño ng pwersang Nabal ng imperyalistang Tsina dulot ng pagsuko't pagbenta ng rehimeng Duterte sa soberanya't patrimonya ng bansa sa mga lehitimong sakop na isla nito sa *West Philippine Sea.*

Ang pinakahuling dagok na tinamo ng sambayanan mula sa rehimeng Duterte ay ang pagsasabatas ng *Republic Act 11479* o *Anti-Terror Act* (ATA), noong ika-3 ng Hulyo. Sa pagpasa nito, pinatatag at ginawang permanente ang paghaharing militar sa buong bansa. Lansakang nilabag nito ang Konstitusyong 1987 ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas dahilan upang dagsain ito ng pagtutol mula sa hanay ng mamamayan. Asahan nating titindi ang pananalasa ng mga pasistang kautusan ng rehimeng Duterte tulad ng EO70 o kilala bilang *National Task Force to End Local Communist Armed Conflict* (NTF-ELCAC) at ang programang *Joint Campaign Plan Kapanatagan* (JCP-Kapanatagan) na marahas na yumuyurak sa karapatan ng lahat ng indibidwal, grupo o sektor na may pagtutol sa anumang patakaran, programa at proyekto ng rehimen.

Sa gitna ng kahirapan ng sambayanan, sagana ang pondong laan para sa mga ahensyang militar at paniktik ng rehimen. Ginantimpalaan din nito ng mga susing posisyon ang mga berdugong heneral ng AFP at PNP. Binigyang laya sa anumang pananagutan ang mga pasistang sundalo at pulis kahit lansakan nilang nilalabag ang mga karapatan ng sibilyan. Asahan natin ang pananatili at higit na pag-igting ng klima ng *impunity* dahil sa bisa ng ATA2020. Ito ang terorismo na isinasambulat ng estado laban sa kanyang mamamayan.

Sa isla ng Mindoro, patunay ng terorismo ng estado ang walang humpay na *Focused Military Operation/ Retooled Community Support Program* (FMO/RCSP) na pinangungunahan ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA. Nagsisilbing marangal na tabing naman sa militarisasyon ng buong isla ang pandemyang Covid-19. Labis na magastos ang mga operasyong ito na higit pa sa nailalaan sa mga batayang serbisyo ng mamamayan. Isang halimbawa nito ang mga helikopter na ginagamit na karaniwang transportasyon ng kagamitang militar, tauhan at suplay sa mga operasyon nito.

Sa tindi at dami ng hinaing ng mamamayang Mindoreño nais tayong sindakin ng rehimen upang tahimik na lunukin ang lahat ng patakaran, programa at proyekto nito. Huwag nang ungkatin pa ang mga katiwalian, kroni-ismo, at pag-abuso sa kapangyarihan ng mga nasa poder.

Ang pagtindi ng pasismo, panunupil at karahasan ng rehimen laban sa nakikibakang mamamayan ay patunay ng ibayong paglala ng krisis ng lipunang mala-kolonyal at malapyudal sa Pilipinas. Hindi na makapaghari sa dating paraan ang mga naghaharing uri. Mga desperadong hakbang ito ng rehimeng Duterte upang isalba ang kanyang tiranikong paghahari at iligtas ang naghihingalong sistemang ito sa pagbagsak.

Hindi hahayaan ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayan na makapangyari ang katahimikan sa gitna ng gutom, kaapihan at pagsasamantala. Sa halip, ang ganitong kalagayan ang magtutulak sa mamamayan upang lumaban.

Nararapat na panagutin sa kanyang kriminal na kasalanan sa Mindoreño't mamamayang Pilipino ang rehimeng Duterte at kanyang mga alipures. Gawin natin ang buong makakaya upang patalsikin ito bago ang pagtatapos ng kanyang termino at tiyaking hindi mangyari ang kanyang ambisyon na palitan lamang siya ng kanyang anak o sinumang alipures na kroni't pasistang heneral. Nararapat na patamaan ng paglaban ng mamamayan at ng mga taktikal na opensiba ng BHB ang lahat ng pangunahing instrumento sa paghahari ng papet at tiranikong rehimen, laluna ang kanyang mga imperyalistang amo at mga kasapakat sa burukrasya at militar.

Sa ganitong diwa, patuloy nating tahakin ang landas ng pakikibaka para sa katarungan, demokrasya at kalayaan ng sambayanang Pilipino sa pamamagitan ng lahat ng paraan – lihim at hayag, iligal at ligal, armado at di-armado. Palakasin natin ang kilusang masa ng lahat ng demokratikong uri at sektor, sa kapatagan man at kabundukan, kalunsuran at kanayunan upang ipaglaban ang kabuhayan, karapatan at pangangalaga sa kalikasan.

## NILALAMAN

Editoryal: Panagutin ang Rehimeng Duterte sa dumaraming krimen nito sa mga Mindoreño! 1
Pagbubuo ng rebolusyunaryong samahan na antas munisipal sa hanay ng Mangyan, tagumpay sa kabila ng FMO/RCSPO! 3
SAP: Sakit at Pagpapahirap Social Ameliorization Program ng Rehimeng Duterte sa panahon ng pandemyang Covid-19 4
Balitang TO: Bigwas ng LDGC–NPA–Mindoro sa mga pasistang tropa, ipinagbunyi ng masa! 6
Anti-Terrorism Act 2020: Ligal na Terorismong Hasik ng Rehimeng Duterte 6
Lathalain: FMO/RCSPO ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA, Pahirap sa Mindoreño! 9
Tugon ng LDGC sa pandaigdigang panawagan laban sa pandemyang Covid-19 10
Pulang Saludo sa mga Dakilang Anak ng Mindoro! Mga tunay na Bayani ng Sambayanan! 12
Tagumpay ang Batayang Taktikal na Opensiba! 15

Palakasin natin ang rebolusyonaryong kilusan sa lahat ng sulok ng isla kaalinsabay ng pagpapalawak at pagpapatatag ng mga organo ng Demokratikong Kapangyarihan ng Bayan.

Ibayong palawakin at palakasin natin ang pagsusulong ng armadong pakikibaka at ang Bagong Hukbong Bayan sa isla ng Mindoro. Ilunsad ang matatagumpay na mga taktikal na opensiba upang bigwasan ang kaaway ng mamamayan at kamtin ang rebolusyonaryong hustisya para sa lahat ng mga biktima ng pamamaslang at inhustisya.

Tanging sa pagpapabagsak sa rehimeng US-Duterte at sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan makakamit ng sambayanang Pilipino ang katarungan, demokrasya at kalayaan na siyang maghahawan ng landas para sa sosyalismo, kasaganaan at pag-unlad ng lipunang Pilipino. Iambag natin ang buong makakaya para kamtin ang dakilang layuning ito.

**LATHALAIN**

# Pagbubuo ng rebolusyonaryong samahan na antas munisipal sa hanay ng Mangyan, tagumpay sa kabila ng FMO/RCSPO!



Masiglang nakarating ang isang yunit ng LDGC –NPA Mindoro sa isang etno-lingwistikong pamayanan ng Mangyan upang organisahin ang kanilang hanay kahit pa kabi-kabila ang *Focused Military Operations* (FMO) ng 203rd Brigade at dumaranas sila ng pandarahas at pananakot ng mga militar.

Sabik ang mga kasama na makilala ang masang Mangyan na naroon. Bago pa sila tumungo doon naghanda ang yunit ng kulturang bilang na maitatanghal sakaling makatagpo na nga nila ang masa. Dagdag sa inihanda nila ang kampanyang medikal laban sa pandemyang Covid-19, kaya binuo ng tim sa medikal ang mga tulong biswal na nagpapaliwanag sa paraan ng pag-iwas sa sakit na Covid-19. Kasama na dito ang pagbibigay ng libreng serbisyong medikal.

Ang grupong pampulitika naman ay naghanda ng programa sa mga pampulitikang aktibidad tulad ng pagbibigay ng edukasyong masa, kapehan, pulong talakayan, pagbibigay ng LITNUM (literasiya, numerasiya), pagkuha ng panlipunang pagsisiyasat sa kabuhayan, pulitika at kultura. Ang Pulang Bandila na grupong pangkultura ay nagsanay para sa kanilang mga pyesa ng dula, awit-galaw at awit.

Maging ang taga-pangasiwa ng kusina at bantayan para sa seguridad ay masiglang nag-ambag ng kanilang partisipasyon.

Nang naroon na ang mga kasama sa lugar, nagpaabot sila ng pakikipag-usap sa mga matatanda at lider ng pamayanan. Ginarantiyahan ng hukbo na igagalang at ikokonsidera nila ang kultura at sistema ng pamumuhay ng masa. Kaya hindi naging mahirap para sa kanila ang pagtanggap sa mga kasama at ang pagbibigay ng suporta dito ayon sa kanilang makakaya. Sa pakikipagtalakayan ng yunit kaugnay ng kalagayan ng pamayanan, higit na napalalim ang pag-unawa sa sitwasyon ng masa.

Isinabuhay ng mga kasama ang linyang masa. Mahusay na pinakitunguhan ang masa, mahigpit na tinanganan ang disiplinang tres otso, masiglang nakipagtalakayan at kinabisa ang kanilang lengwahe. Kada lapit ng yunit sa kanilang pamayanan nakahanda na ang mga kasama para sa talakayan, pampulitikang pag-aaral, kulturang pagtatanghal, libreng serbisyong medikal, palaro sa matatanda at bata at pagkain na mula rin sa kanila na sama-samang pinagsaluhan.

Sa proseso ng pakikipagkwentuhan, napag-alaman ng mga kasama ang interes ng ilang kabataan na matuto ng *self defense* kaya agad na binalangkas ang pagtuturo ng *martial arts* na ginampanan ng mga opisyal militar ng yunit.

Naging tampok na paksa ang mga problema ng masa na nais nilang malutas. Nangangamba sila sa pagpasok ng malalaking kumpanya ng mina, REP (*Renewable Energy Project)* o malalaking kumpanya na magtatayo ng malalaking dam para sa hydro power plant na lilikha ng kuryente, nang maanomalyang NGP (*National Greening Project*) at iba pang proyekto ng reaksyunaryong gubyerno na sasaklaw at nakaambang mangamkam ng kanilang lupaing ninuno. Bukod pa sa inalam din ng yunit ang kalagayan ng pangunahing produktong bukid - ang bundo, palay, kamote, mais, niyog at luya. Sa pamamagitan ng simpleng pagkwenta, naipakita nila ang labis ang pambabarat

sa presyo ng produktong bukid at pandaraya sa timbangan.

Sa ganitong abang kinalalagyan ng masang Mangyan, mabilis nilang naunawaan na kailangang may mabago sa mapagsamantalang sistema. Nakita nila na para magawa ito, kailangang itayo ang isang samahan na bibigkis nang mahigpit sa kanilang pagkakaisa. Nalutas din sa kanila na kailangan ang gabay ng rebolusyunaryong kilusan upang maisalin sa kanila ang kaalaman at pamamaraan para maging matibay ang kanilang pagkakaisa sa pagharap sa mga suliraning nararanasan sa araw-araw.

Kaya sa isang konsultasyon pinagkaisahan ang petsa kung saan magtatagpo ang mga lider, kasama ang karagdagang kinatawan ng sityo upang maitayo ang pang-munisipal na balangay ng kanilang samahan. Naisagawa ang asembliyang ito at naitayo ang balangay na ipinangalan nila sa isang sagradong lugar sa kanilang lugar.

Sa pagtitipon upang buuin ang MINDORO-antas munisipal sa kanilang hanay ay dumalo ang malalaking pamayanan na umabot ng higit sa isang daang Mangyan. Sinimulan ito ng isang ritwal na pag-aalay at sinundan ng pagbubukas ng programa ng pagbubuo ng samahan ng isang masiglang awit ng Pulang Bandila. Tinuloy na sa aktwal na pagbubuo at inihalal ang mga lider na mamumuno sa samahan. Sa pagtatapos ay binasa ang nabuong pahayag ng pagkakaisa sa kanilang lenggwahe at inihapag ang mga pangunahing tindig at kaisahan upang ipagtanggol ang lupaing ninuno at kabuuang interes ng mga Mangyan - labanan ang mga mapanirang proyekto gaya ng malalaking mina, REP-dam, eko-turismo at para sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo sa pamamagitan ng pagpawi sa pandaraya sa timbang, pagpapataas ng presyo ng produktong bukid at pag-alis ng resiko. Sa pagitan naman ng mga talakayan ay ang mga dula, awit-galaw at mga palaro. Nagbigay din ng mensahe ang mga lider at naghandog ng kanilang kultura.

Naging mabilis ang pagtatayo ng munsipal na balangay dahil natumbok ang interes ng masang inoorganisa. Agad nilang nasapol ang pangangailangan ng isang matibay at rebolusyunaryong samahan para ipagtanggol ang kanilang kagyat at pangmatagalang kahilingan kung saan nasa puso nito ang pagtatanggol ng kanilang lupaing-ninuno.

Sa suma naging mabunga ang aktibidad, nakamit ang panimulang tagumpay sa pagbubuo ng isang mataas na antas ng pangmunisipyong pagkakaisa ng mga Mangyan.

**LATHALAIN**

# SAP: Sakit at Pagpapahirap

## *Socialized Amelioration Program* ng Rehimeng Duterte sa panahon ng pandemyang COVID 19

Inilagay sa rurok ng pagdarahop at panganib ang buhay ng sambayanang Pilipino dahil sa pandemyang COVID19. Sa mabilis na pagkalat ng pandemya, nalantad ang kriminal na pananagutan ng rehimen sa kapabayaan nito at pagmamaliit sa panganib. Nang nanalasa ito, nagkumahog naman sa militaristang tugon upang pagtakpan ang kahihiyan at kapabayaan ng rehimen. Nailagay din sa panganib ang buong ekonomya at gumuho ang kabuhayan ng mamamayan.

Bago pa man ang COVID19 ay kapos na ang kita ng karamihan ng mamamayan kung kaya walang anumang naitabi para madukot sa panahon ng pang-kagipitang kalagayan. Sa panahon na ipinataw ang *Enhanced Community Quarantine* (ECQ) o *total lockdown*, nagtiis ang mamamayan sa kawalang suporta ng reaksyunaryong gubyerno habang umiiral ang patakarang ito. Walang masusulingan ang karamihan dahil lahat ay dumadaing sa gutom at kawalan ng mapagkukunan.

Upang pagtakpan ang kainutilan ng rehimeng Duterte sa pagtugon sa pandemya, ipinatupad nito ang *Socialized Amelioration Program* (SAP) na magbibigay ayuda sa sambayanang nawalan ng kabuhayan dahil sa patakarang ECQ. Kinailangan pang ipasa muna ang batas na *Bayanihan to Heal As One Act* upang bigyan diumano ng dagdag na kapangyarihan ang rehimeng Duterte na galawin ang pondo ng iba't ibang ahensya ng gobyernong naunang itinakda sa *General Appropriations Act* (GAA) para sa 2020. Ganonman, imbes na pakinabangan ng mamamayan ang daan-daang bilyong pondong nakalaan para sa subsidyo sa mamamayan, naging palabigasan naman ito ng pamilya at mga kroni't alipures ng rehimen.

Sa panig ng mga Mindoreño, naging litanya ng Sakit at Pagpapahirap ang kahulugan ng SAP lalo na sa masang mahihirap.

Kagyat ang epekto ng *lockdown* sa mga pamilyang walang lupa at umaasa lamang sa sahod ng arawang pagpapaupa sa mga sakahan, bukid at maliliit na negosyo. Sa mga kawani sa pribado o pampublikong sektor, nalagay sa kawalang katiyakan ang kanilang sweldo. Sa bahagi ng mga katutubo, ang pagpataw ng *lockdown* ay nangahulugan ng pagtigil ng pagdadala ng kalakal sa mga tyanggian na siyang tanging paraan nila upang makabili ng panustos sa araw-araw. Pagsasara naman ng kanilang negosyo ang hatid ng lockdown sa mga panggitnang uri at negosyante.

Ang kakarampot na ayudang SAP ay nagsilbing pandugtong sa ilang araw lamang na pangangailangan.



Liban sa ilang araw na ito, naiwan sa sariling pamamaraan ang mga pamilyang nawalan ng hanapbuhay at naputulan ng sistemang pangsuporta na dating napagkukunan nila.

Pinahirapan pa sila sa pagkuha ng SAP dahil sa layo at balakid sa transportasyon sa panahon ng *lockdown*. Bukod sa lakaring malayo, tumaas pa ang singil sa pamasahe papunta sa kabayanan. Kaya bago pa natanggap ang limang libong piso (P5,000.00), may bawas na kaagad sa gastos pa lamang sa byahe.

Kinaltasan ang halagang dapat tanggapin ng karamihan. Ayon sa mga salaysay na nakuha ng Alab, ibinawas sa limang libong piso ang bahagi ng halagang nakukuha nila sa 4Ps. Kinaltas din dito ang halagang nakuha nila sa iba pang programang namamahagi din ng ayuda. Layunin daw ng pagkaltas na ito upang matiyak na hindi sobra ang matatanggap ng ilang benepisyaryo at upang mabigyan ang lahat.

Ganun pa man, hindi lahat ng pamilya ay nabigyan nito. May mga pamilyang wala sa listahan ng benepisyaryo at may kulang ang papeles upang makatanggap. Kailangang magpauli-uli pa sa bayan upang maisumite ang mga rekisito.

Pinakamalala ang karanasan ng halos lahat ng etno-lingwistikong grupo ng mga Mangyan. Kalakhan ng mga pamilya dito ay hindi nabigyan ng buong ayuda. Isang sakong bigas lamang ang nakalaan sa pamayanan na binubuo ng 10 o mahigit na pamilya. May mga lumakad pa ng tatlo hanggang limang oras pa-bayan at umuwi na walang dala matapos ideklarang hindi sila benepisyaryo ng SAP. Ang mga benepisyaryo diumano ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program o 4Ps ay doon na lamang ipapadaan ang ayuda o di kaya sa ibang programa ng gubyernong nagbibigay rin ng pera sa mamamayan. Hindi naging prayoridad na benepisyaryo ang mamamayan at mga pamayanang malayo sa sentrong lungsod at kabayanan.

Matapos ang paglabas ng ayuda noong bahagi ng Mayo hanggang Hulyo ay hindi na ito nasundan pa. Sa karamihan ng mga Mindoreño, hangin ang ipinangalandakan na karagdagang ayudang P5,000. Sa halip, ilang kilong bigas, tuyong isda, ilang *groceries* tulad ng sabon, *instant noodles,* sardinas at kasuotan ang naipamahagi na iilan lamang naman ang nakatanggap.

Sa mga pamayanang sumasailalim sa RCSPO ng AFP/PNP, mga sundalo at pulis ang namamahagi ng mga ayuda. Kaya nagagamit nila ito sa panggigipit at pandarahas sa mga komunidad at taong nais nilang pasukuin at iwinawasiwas ito bilang pabuya sa mga sumuko o naglinis ng pangalan.

Lalo pang pinagulo ng kabulukan ng burukrasya ang paglalabas ng ayuda kaya naging taliwas sa layunin ng SAP na pagpapagaan ng buhay ng mamamayan ang nagaganap sa aktwal. Nilakipan ito ng pamumulitika kaya palakasan ang pagkuha nito. Nakadagdag ito sa kabagalan at hindi naging sistematikong pamamahagi. Pumasok na ang adyendang pang-eleksyon at dito na uminog ang batuhan ng mga paratang ayon sa personal na interes ng iilan. Nagmistulang kampanyahan sa eleksyon sa lokal na antas ng pamahalaan ang pondo para sa ayuda.

Bahagi ng mapanlinlang na iskema sa pamamahagi ng ayuda ay tipirin ang taumbayan. Isinasama sa kwenta ng ayuda ang pondong mula sa 4Ps at iba pang ayuda sa pamamahagi ng SAP.

Kung susumahin, panakip-butas at pakitang tao lang ang programang SAP para pansamantalang tugunan ang pangangailangan ng mamamayan sa panahon ng krisis na idinulot ng pandemyang Covid-19. Walang reserbang pondo ang gobyerno sa pandagliang sitwasyon na tulad ng pandemyang COVID habang napakalaki ng pondong inilalaan sa gyera kontra sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. Pangungutang sa ibang bansa ang solusyon ng reaksyunaryong rehimen habang umaalingasaw ang anomalya dulot ng pandarambong at kurapsyon sa pondo ng bayan sa loob mismo ng burukrasya at mga kagawaran nito.

Ang kinakailangan ay solusyong medikal para sawatain ang pandemya kaalinsabay ng tunay na ayudang matatanggap ng taumbayan sa panahon ng paglaban sa pandemya. Kailangang lutasin ang problema sa kabuhayan tulad ng kawalan ng lupa, kawalan ng trabaho, mababang pasahod at kawalang kasiguruhan sa trabaho, mababang presyo ng produktong bukid at pagkatigil ng ekonomya. Ganoonman, wala sa hinagap ng pasistang rehimen ang paglutas ng mga ito. Lango ito sa paggamit ng militar at pagpapatupad ng diktadurya para makapagpayaman at makapagpatagal sa kapangyarihan ang kanyang pamilya, kroni't mga alipures.

Walang ibang pagpipilian ang mamamayan kundi ang umasa sa sariling lakas nito, labanan hanggang maibagsak ang rehimeng US-Duterte at isulong at dalhin sa tagumpay ang Demokratikong Rebolusyong Bayan. Sa pamamagitan lamang nito, malulutas ng sambayanan ang krisis dulot ng pandemya at ng naghaharing sistema.

**BALITANG TO**

# Bigwas ng LDGC–NPA–Mindoro sa mga pasistang tropa, ipinagbunyi ng masa!

Walong aksyong militar sa buwan ng Mayo at tatlo naman sa buwan ng Setyembre 2020 ang bumasag sa malupit na FMO, RCSPO at *lockdown* ng 203rd Brigade/PNP-MIMAROPA sa isla ng Mindoro. Nagtamo ang pasistang tropa ng 15 kaswalti at nakasamsam ang Pulang Hukbo ng ilang kagamitang militar ng mga ito.

Ayon kay Madaay Gasic, tagapagsalita ng Lucio De Guzman Command, NPA-Mindoro, ang mga aksyong militar ay naisagawa sa gitna ng masinsing FMO-RCSPO. Nagsilbing inspirasyon ng Pulang Hukbo ang mahigpit na kahilingan ng masa na maparusahan ang mga berdugong AFP/PNP kung kaya nagpursige ang mga kasama sa paglunsad ng mga taktikal na opensibang ito.


Sa pagtutulungan ng NPA at mamamayan nailunsad ang sumusunod:

Ipinakikita ng mga aksyong militar na ito ang suportang masa na nagtulak upang mapinsalaan ang kanilang kaaway na sandigan ng rehimeng US-Duterte sa pang-aapi at pagsasamantala sa mamamayan.

Tugon ito ng LDGC upang ipatupad ang rebolusyonaryong hustisya sa mahaba at madugong listahan ng karahasan, kalupitan at pang-aabuso ng mga pasistang 203rd Brigade at PNP-IVB laban sa sibilyan. Patuloy na magpupursige ang Pulang Hukbo upang maigawad ang rebolusyunaryong hustisya sa lahat ng mamamayang biktima ng walang habas na pambobomba, sapilitang pagpapasuko, pananakit at pambubugbog, pagpapalikas, pagpaslang, ilegal na pag-aresto at detensyon sa daan-dang mga katutubo, magsasaka, kababaihan at bata.

Dagdag pa ni Ka Madaay Gasic, ginawaran ng mataas na komendasyon ng Lucio De Guzman Command ang lahat ng mga opisyal at mandirigma sa ilalim ng kumand nito dahil sa matatagumpay na aksyong militar na kanilang naisagawa sa panahong Mayo hanggang Setyembre 2020.

**MAYO 6**
Tinambangan ng isang tim ng LdGC-NPA ang dalawang elemento ng CAFGU (CAA) na nakasakay sa motor sa KM10, So. Cabuyao, Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro bandang 5:30 ng umaga. Sugatan ang dalawa at namatay ang isa dito pagkatapos ng bira.



**MAYO 7**
Tatlong magkakasunod na reyd sa kampo ang naisagawa ng mga yunit ng LDGC laban sa kampo ng CAA sa Brgy. Benli, Bulalacao; sa kampo ng RMFB-PNP sa Brgy. Cabalwa, Mansalay; kapwa sa OrMin at sa kampo ng CAA sa Brgy. Canturoy, Rizal, OccMin. Tatlong PNP ang kumpirmadong sugatan sa mga operasyong ito.

**MAYO 18**
Tanghali. Inisnayp ng isang tim ng LDGC ang nag-ooperasyong elemento ng 76th IBPA sa So. Camilion, Brgy. Bugtong na Tuog , Socorro OrMin. Isang sundalo ang sugatan sa operasyong ito ng LDGC-NPA na tuluyan na ring namatay sa ospital.

**MAYO 19**
11:30 ng tanghali. Pinaputukan ng isang tim ng LDGC ang nag-ooperasyong 76th IB sa So. Tigao, La Fortuna, Socorro. Dalawang sundalo ang nasugatan dito.

**MAYO 18**
Gabi. Hinagisan ng granada at pinutukan ng isang tim ng LDGC ang headquarters ng 4th IB sa FF Cruz, Cambayang, Bulalacao bandang 11:30 ng gabi.

**SETYEMBRE 16 at 22**
Magkasunod na operasyong isnayp ang naiputok ng LDGC-NPA laban sa mga pwersa ng 203rd Brigade-PA na nagsasagawa ng Retooled Community Support Program (RCSP) sa So. Mantay, Brgy. Monteclaro, San Jose, OccMin. Nagdulot ito ng dalawang kaswalti sa tropa ng mga sundalo.

**SETYEMBRE 28**
Inambus ng isang yunit ng LDGC-NPA ang nakasakay na pwersa ng 403rd RMFB-PNP-MIMAROPA sa national highway sa bahaging So. Mabaho, Brgy. Sta Teresita, Mansalay, OrMin. Naganap ang matagumpay na ambus bandang 11:35 hanggang 12:00 ng umaga. Sugatan ang tatlong tropa ng RMFB sa ambus. Sinunog ng mga Pulang mandirigma ang sasakyang iniwanan ng mga nagtakbuhang RMFB.

**SETYEMBRE 28**
Kasabay ng ambus sa So. Mabaho, matagumpay ding naisagawa ang operasyong haras ng isang tim ng mga pulang mandirigma sa kampo ng 403rd RMFB sa Brgy. Cabalwa, Mansalay.

# Anti-Terrorism Act 2020: Ligal na Terorismong Hasik ng Rehimeng Duterte

*Sa gitna ng matinding pagtutol ng malawak na mamamayan at lockdown na naglimita sa kanilang pagkilos, ratsadang ipinasa at pinirmahan ni Rodrigo Duterte ang Anti-Terror Act (ATA) o ang Republic Act 11479 ng 2020 noong Hulyo 3. Ginagamit ito ngayong malakas na sandata ng pasistang rehimen sa lansakang panunupil ng buong bayan at sa diktaturyang paghahari nito. Nais niyang patamaan ang nakikibakang mamamayan at mga kalaban nito sa pulitika habang nangungunyapit sa kapangyarihang pang-estado.*

## Mas Mapanupil kaysa *Human Security Act* of 2007 ni GMA

Kapos para kay Duterte ang *Human Security Act* (HSA), ang batas laban sa terorismo ng rehimeng Gloria Macapagal Arroyo na pinagtibay noong 2007 at naghawan sa pag-iral ng *impunity*. Naging karaniwan ang terminong ito na ibig sabihin ay ang kawalang pananagutan ng nasa estado poder sa pang-aabuso nito sa kapangyarihan. Pinakawalan nito ang



MULA KAY KA PATRICIA ANDAL

malawakang pamamaslang, pagdukot, pag-aresto, interogasyon at pagbinbin bunga ng mga nakasampang gawa-gawang kaso sa lahat ng kalaban nito sa pulitika. Higit na tinamaan nito ang sambayanang lumalaban sa mga pang-aabuso ng estado at ang tumututol sa mga patakaran, programa at proyekto ng rehimen na masama ang epekto sa mga mahihirap

pero pabor naman sa interes ng mga mayayaman na nasa kapangyarihan.



Ngayong may ATA na, pinawalambisa nito ang HSA at lumikha ng kakaibang kahulugan ng terorismo. Mula sa dating depinisyon nito na, "paglikha ng krimen na nagdudulot ng malawak na pagkatakot sa mamamayan", pinasaklaw ang kahulugan ng terorismo hanggang sa: una, pagpalaganap ng mensahe ng pananakot; ikalawa, paghamon o pag-impluwensya sa gubyerno o maging sa mga internasyunal na organisasyon nito sa pamamagitan ng intimidasyon o pananakot; ikatlo, nagdedestabilisa o seryosong nagwawasak sa pundamental na pulitikal, ekonomiko at panlipunang istruktura ng bansa. At panghuli, lumilikha ng pampublikong kagipitan at seryosong nagpapahina o nagwawasak sa pampublikong kaligtasan. Pinalawig din ng ATA2020 ang kahulugan ng "pakikipagsabwatan" at idinagdag na akto ng terorismo ang pang-uudyok, pagpaplano, pagbabanta at pagrekrut.

## Pinahintulutan ng ATA na panghimasukan at labagin ng mga ahensya sa seguridad *(security agencies)* ng pamahalaan ang karapatan ng pribadong mamamayan

Binigyang laya nito ang pagpapahaba sa mga inilulunsad na paniniktik at sarbeylans sa mga indibidwal. Maaari nang isailalim sa pagmamanman ang isang indibidwal sa pamamagitan ng pagmonitor sa mga tawag at mensaheng dumaraan sa gamit-komunikasyon nito sa loob ng 60 araw, na maaaring pang palawigin ng 30 araw, sa utos ng *Court of Appeals*.

## Higit na pinabangis ng batas na ito ang parusa sa krimen ng terorismo

Sa batas na ito, mahahatulan ng habambuhay na pagkabilanggo na walang pardon at parole ang napatunayang terorista. Magagawaran din ng kaparehong hatol ang mapatutunayang kasabwat, nagrekrut at kalahok sa plano, treyning at pasilitasyon o pagpapahusay ng teroristang atake. Pagkabilanggo naman ng 12 taon ang parusa sa sinumang ituturing na mga nanulsol, nagbanta, nagpanukala na boluntaryong sumapi sa teroristang grupo, mga naging kasabwat o kasangkapan na nakinabang sa teroristang atake, nagtago ng mga ebidensya o tumulong sa pagtakas ng isang terorista.

## Tuluyang nilampasan ng batas na ito ang kapangyarihan ng Korte Suprema at *Department of Justice*

Alinsunod dito, bubuo ng *Anti-Terror Council* (ATC) si Duterte mula sa kanyang gabinete na magpapatupad ng mga probisyon ng ATA2020. May kapangyarihan itong mag-utos ng pag-aresto, magdeklarang terorista ang isang tao, grupo o organisasyon sa mababaw na dahilan at malamang na pagkasangkot sa krimen. Maaaring utusan nito ang *Anti-Money Laundering Council* na mag- isyu ng *freeze order* sa ari-arian at pondo ng mga indibidwal o ng organisasyon na pinaniniwalaan nilang ginagamit sa terorismo.

May malaking katanungan din kung ang *Justice Secretary* at ang *prosecutor* o ang tagapagsakdal sa mga korte na kapwa miyembro ng ATC ay magiging independyente sa isa't isa habang nililitis ang taong inaakusahan ng terorismo. Kaya walang anumang ahensya ng estado ang maaaring lapitan ng isang taong inaakusahan ng terorismo dahil ang buong makinarya nito ay dadagan sa pagdidiin sa kanya.

## Mas masahol pa sa Batas Militar ang ATA2020

Maaari nang hulihin at ikulong ng 14 hanggang 24 araw ang sinumang suspek kahit walang *court warrant*. Lansakang nilabag nito ang konstitusyon ng Pilipinas kung saan itinakda na kahit sa panahon ng *martial law* ang detensyon na walang warrant ay pwede lamang sa loob ng 3 araw at ang suspek ay dapat nang iharap sa korte. Inalis ng batas na ito ang rekisitos ng HSA na nagpapahintulot ng pag-aresto nang walang warrant kung nasa akto ng pagsasagawa ng krimen ang tao/grupo na naisalang sa sarbeylans. Ang pagsasailalim mismo sa sarbeylans ng isang tao o grupo ay isa nang paglabag sa batas, at ito ay depekto kapwa ng HSA at ATA2020. Pinawalambisa rin nito ang probisyon sa HSA na pagbabayad ng kalahating milyon kada araw sa maling pag-aresto. Ayon sa paliwanag ng mga opisyal militar at pulis, nagiging dahilan diumano ito ng pag-aatubili ng kanilang mga tauhan upang mang-aresto ng mga terorista.

## Paghahariin ng batas na ito ang inhustisya sa bansa

Hindi na kinakailangan pang magkaroon ng mga paglilitis bago ideklarang terorista ang isang tao o grupo. Mangangailangan lamang ang gubyernong Duterte ng proskripsyon o pag-aalis ng hurisdiksyon ng korte sa mga maideklarang teroristang tao o organisasyon. Sa ilalim ng batas na ito ay mayroong "panimulang proskripsyon" kung saan ang indibidwal o grupo ay madedeklarang terorista sa loob ng 72 oras nang wala kahit ni isang pagdinig. Itinatakda rin dito na ang buong paglilitis ay



dapat makumpleto sa loob ng anim na buwan bago mag-isyu ng deklarasyon na permanenteng istatus bilang terorista o di kaya ay nagtatanggal sa ganitong pagturing.

**Mabangis sa mamamayan ngunit walang pangil ang batas na ito upang mapanagot ang mga abusado sa gubyernong Duterte**

Kapag napatunayan ang akusasyon ng pagiging terorista, makukumpiska ang ari-arian ng indibidwal o organisasyon. Ngunit, kung mapatunayang walang sala ang akusado, walang awtomatikong kaparusahan sa mga lumabag sa kanyang karapatan. Kailangan pang magsampa ang naabswelto ng kontra-asunto at iproseso ang panibagong paglilitis laban sa mga lumabag ng kanyang karapatan.

**Pagyurak sa Konstitusyon ng Pilipinas**

Lahat ng prominenteng law school at maging ang *Integrated Bar of the Philippines* ay nagsabi na nilalabag ng bagong batas ang mismong 1987 Konstitusyon ng Pilipinas sa mga probisyon nito, lalo na ang paggawad ng kapangyarihan sa *Anti-Terror Council* na mag-utos ng pag-aresto at detensyon na ayon sa Konstitusyon ay kapangyarihang nakalaan lamang sa mga korte.

Hinusgahan ng dating *Supreme Court Chief Justice* Antonio Carpio na mapanganib ang bagong batas na ito (ang ATA2020) dahil kahit ang mga ligal na protesta, rali at anumang sama-samang pagpapahayag ng karaingan ay maituturing na labag sa batas at maituturing na akto ng terorismo.

Alalahanin nating tinadhana sa Saligang Batas ng Republika na sagradong karapatan ng mamamayan ang pagpapahayag ng mga karaingan. Sa simpleng paglalarawan ng kawalang katinuan ng ATA2020 ay pwedeng ideklarang akto ng terorismo ang magrali sa panahon ng pandemya dahil sa pagtitipon ng mga tao sa pampublikong lugar.

Umabot na sa 37 grupo't prominenteng mga indibidwal ang nagsampa ng kaso sa reaksyunaryong Korte Suprema upang ipawalambisa ang ATA2020 o magpatupad man lamang ng *Temporary Restraining Order* (TRO) dito. Dahil dito, maituturing na ang ATA2020 ang nangungunang batas sa kasaysayan ng papet na Republika na may pinakamalaking bilang ng mga tumutol at nagsampa ng kaso ng pagpapawalambisa dito.

**Pagpapatupad ng Permanenteng Batas Militar at Diktadura ng Naghaharing Rehimen**

Bubusalan ng naturang batas ang bibig ng mamamayan. Aalisin nito ang karapatan na magpahayag ng pagtutol sa patakaran o programa ng gobyerno at ang magsiwalat ng hinaing ng mamamayan ay maituturing nang akto ng terorismo. Sa ganitong kalagayan, isinailalim sa permanente, ligal, mas malupit at malawakang batas militar ang bansa. Inaabswelto nito sa anumang pananagutan ng mga alagad ng batas at ng gobyerno sa paglabag nito sa karapatang-tao. Ito ang malinaw na terorismo ng estado.

Sa gitna ng lumalakas na ugong ng pagpapatalsik kay Duterte, nagtagumpay ang mga utak-pulburang heneral at buong hanay ng mga pasistang aso kabilang na si Sen. Panfilo "Ping" Lacson na isang dating heneral sa pagkukumahog na iligtas ang rehimen sa pananagutan sa mga krimen nito at mangunyapit sa poder lampas sa kanyang termino.

Malaki ang pangangailangan ni Duterte na konsolidahin ang sandatahang lakas at kanyang paghahari. Desperado siyang manatili sa pwesto. Ngayon pa lamang ay binabangungot na siya ng takot na makulong tulad ng sinundan niyang mga pangulo dahil sa patung-patong na kaso sa bayan.



Sakali at hindi pa uubra ang ATA2020 para masupil ang pakikibaka ng mamamayan, tiyak na gagamitin niyang panabing ang pagharap sa pandemya o paglikha ng orkestradong kaguluhan tulad ng ginawa ni Marcos upang malikha ang sitwasyon na hahantong sa hayagang pagdeklara ng *martial law* upang maipagpaliban ang pambansang eleksyon sa 2022.

**Rebolusyonaryong Pakikibaka Laban sa Terorismo ng Estado**

Nagpapakita ito na kinakapos na ang rehimen ng mga normal na kaparaanan upang mapanatili ang bulok at naghihingalong sistemang malakolonyal at malapyudal. Kailangan niya ng bagong armada sa arsenal ng naghaharing uri upang mailigtas ang buong naghaharing sistema sa pagbagsak.

Batas ng kasaysayan na habang tumitindi ang pang-aapi ay lalong lumalakas ang pagtutol at paglaban. Patuloy na pinapaypayan ng krisis sa pulitika at ekonomya ang apoy para sa rebolusyonaryong pagbabago. Lalong tumitingkad at napapanahon ang pagpapalapad ng alyansa sa lahat ng sektor para ibagsak ang rehimeng Duterte. Kailangan likhain ang pinakamalapad na pagkakaisa ng mamamayan para igupo at wakasan ang tiranya. Kailangang mahimok ang malawak na mamamayan na lumahok at sumuporta sa rebolusyon dahil walang ibang landas para maibsan ang paghihirap at kaapihan ng sambayanang Pilipino kundi ang pagtahak sa rebolusyonaryong landas ng pagsusulong ng Digmang bayan.



**LATHALAIN**

# FMO/RCSPO ng 203rd Brigade at PNP-MIMAROPA, Pahirap sa Mindoreño!

Walang patid na operasyong militar ang dinanas ng mga Mindoreño mula ng ipinatupad ng rehimeng Duterte ang EO 70 at nagbuo ng *National Task Force to End Local Communist Armed Conflict* (NTF- ELCAC).

Gamit ang *whole of nation approach* ng kontra-insurhensyang programang JCP-Kapanatagan ng Rehimeng US-Duterte, nagdulot ito ng tuluy-tuloy, masinsin, mas malupit, at magastos na operasyong militar.

Itinakda ng NTF-ELCAC bilang pangunahing target ng FMO/RCSP sa Mindoro ang mga barangay ng Hagan at Lisap sa Bongabong, Oriental Mindoro; Monte Claro at Naibuan sa San Jose Occidental Mindoro. Itinakda naming sekundaryong prayoridad ang Panaytayan, Mansalay. Ganun pa man, hinagip din ng masinsing operasyong militar ang mga bayan ng San Jose, Rizal, Calintaan, Sablayan sa Occidental Mindoro at Bansud, Gloria, Victoria, Soccoro sa Oriental Mindoro.

Ang FMO na pangunahing layunin ay ang paghanap at paglipol sa mga yunit ng NPA ay kinukumbinahan ng RCSP-*Operations* na nakatutok naman sa pagpapasuko at kumbersyon ng mga pamayanan at mamamayang pinaghihinalaang simpatisador ng rebolusyonaryong kilusan.

Matatandaan na noong 2019 pa ay dinanas na ng mga Mindoreño ang panggigipit na epekto ng kautusang EO70 lalu na sa mga itinakdang pambansang prayoridad na barangay. Nagpakawala ito ng di karaniwang lupit - pamamaril ng mga sibilyan, pambobomba ng *howitzer, strafing*, panununog ng bahay at mga pananim, pagnanakaw ng mga pagkain at alagang hayop ng mga masa, at iligal na detensyon, interogasyon at tortyur.

Nitong ikalawa at ikatlong kwarto ng 2020 sunud-sunod na nagkampo ang mga yunit ng 203rd Brigade/ PNP-MIMAROPA sa mga pamayanan upang sustenido nilang maisagawa ang operasyong militar.

Mayo 2020 kinampuhan ng yunit ng RCSP - 4th IB ang eskwelahan ng Sityo Mantay, Brgy. Monte Claro, San Jose, OccMin. Ginalugad din ang mga katabing pamayanan ng Ilya, Masay, Buswak, Dayaga, Danlog, Balingaso at Taganop.

Kasabay nito, kinampuhan din ang So. Bato Singit, Brgy. Manoot, Rizal, OccMin. Ang mga pwersa naman dito ang ginamit upang dahasin ang mga mamamayan sa mga sityo ng Albunan, Natub at Cogon Ratag.

Hunyo 2020 kinampuhan ang So. Rimas, Brgy. Lisap, Bongabong. Inabot ng operasyon nito ang mga sityo ng Magdayaga, Anagyong, Lawaw, Iblagon, Alyanon, at Hingin. Matapos ang limang buwan, inilipat nila ang kampo sa So. Alyanon ng parehong barangay.

Hulyo 2020 nang kinampuhan ang So. Balangkawan, Brgy. Hagan ng Bongabong, OrMin.


Agosto 2020 kinampuhan ang So. Bayang at Naswak ng Hagan. Inabot ng operasyon nito ang mga sityo ng Balite, Lalid, Ambuan, Fawa, Malugay, Linyama.

Setyembre 2020, kinampuhan ang So. Sinarere, Panaytayan, Mansalay, Or Min at halos kasabay nito ang mga So. Imok ng Brgy. Paclolo, Magsaysay at So. Bailan Brgy. Benli, Bulalacao, OrMin.

Nagdagdag ng pwersa sa mga dati nang may nakapwestong kampo ng sundalo sa Brgy. Bugtong na Tuog at La Fortuna sa bayan ng Socorro.

Ginawang sentro ng kalupitan ang mga kampo ng sundalo sa mga sityong ito. Dito ipinatatawag ang mga lider at kasapi ng pamayanan upang isalang sila sa iligal na interogasyon kasabay ng mental at pisikal na tortyur. Nagsilbing lunsaran ito ng aktibidad sa pagkontrol ng pamayanan tulad ng pagsensus, pulong ng opisyal at asembliya ng pamayanan. Dito rin ginagawa ang plano sa sapilitang pagpapakilos para diumano sa proyektong pangkaunlaran.

Bihasa sa mental at pisikal na pagtortyur ang mga sundalong nag-interoga sa masa. Nagdusa sila sa mga pambubugbog, pagkulata ng baril, pagsuot ng plastik sa ulo hanggang maubusan



ng hangin, pagpaipit ng bala sa mga daliri, paglagay ng dinurog na sili sa ari at pag-alpas ng hantik sa loob ng damit. Sa tindi ng pahirap, ilang masa ang nahimatay dahil sa di-makayanang sakit na tinamo sa kamay ng mga sundalo.

Naging karaniwan na rin ang paggamit nila ng helikopter sa pagmaniobra ng kagamitan, suplay at tauhan sa operasyon at higit sa lahat ay ang pamumudmod ng mga polyeto at mga materyales sa propaganda.

Bahagi ng RCSPO ang mga papulong sa mamamayan, pag-sensus, pamamahagi ng mga ayuda at pagsagawa ng proyekto habang tuluy-tuloy ang pagpapasuko sa mga lider at kilalang personalidad ng kilusang masa.

Ang mga pakitang-taong proyektong kubeta, *multi-purpose hall*, basketbolan, kalsada at kampanyang kalinisan ng pampublikong lugar ay ginagawang tabing para dahasin ang mamamayan.

Mataas ang singil ng gobyerno sa mamamayan sa inaamot nilang mga proyekto at ayuda. Inoobliga ilang magpalinis ng pangalan o pasukuin ang buo-buong pamayanan sa balangkas ng *Enhanced Comprehensive Local Integration Program* o ECLIP.

Sa tindi ng atake sa kanila, anim na pamayanan ang sapilitang lumikas. Tatlo dito ay nagsikap na makabalilk dahil di nakayanan ang gutom at hirap sa nilipatang lugar. Limang pamayanan naman ang nagpasyang bumuo ng bagong sityo para magsama-sama at maging ligtas sa mga operasyong militar na lalong abusado kapag nakakita ng mga katutubo sa liblib na lugar. Kaya naman patago na kung sila ay pumunta ng kaingin, at kung natiyak nilang walang presensya ng mga sundalo, saka dali-daling kukuha ng mga pagkain. Tatlo hanggang limang oras ang ginugugol sa pagpunta sa kaingin at pagbalik sa bagong pamayanang binuo nila.

Samantala, malaking kurakot naman ang nakukuha ng mga opisyal militar sa pagpapasuko sa programang ECLIP. Nang itinaas ng rehimen ang pabuya at mga benepisyong natatanggap sa programang ito, nagpiyesta ang mga opisyal ng sundalo't kasabwat na mga burukrata. Ang nakalaang P15,000 sa bawat sumuko ay hindi rin naman tinupad. Pakitang-tao lamang ang ilang tumanggap ng pabuyang ito.

Lalong humapdi ang sikmura ng mga Mindoreño dahil sa militaristang patakaran na *lockdown* ng rehimeng Duterte bunsod ng pandemyang Covid-19.

Ipinagyayabang ng 203rd Brigade na wala nang NPA sa Mindoro dahil sa dami ng nagbalik-loob sa pamahalaan. Kung gaano karami ang bilang ng sumuko sa kanilang talaan, iyon din ang dami ng sapilitang pagpapasuko na dapat panagutan ng rehimen bilang paglabag nila sa karapatan ng mamamayan. Sa dami ng mamamayang may lehitimong reklamo laban sa gobyerno, magmimistula nga na lahat ng mamamayan ay target ng pagpapasuko ng gobyerno.

Nagkakamali ang rehimeng ito sa pagtratong kalaban ng batas ang mamamayan na naghahangad ng kanilang demokratikong kahilingan at interes. Kung ganito nila itatrato ang lehitimo at demokratikong kilusang masa, dudulo sa masaker at henosidyo ng sambayanang Pilipino ang nais ng rehimeng Duterte. Isang patunay nito ang mahabang listahan ng krimen sa mga katutubong Mangyan at sa mamamayang Mindoreño na patuloy pang nadadagdagan habang nakaupo siya sa poder.

Dapat lamang na isakdal ang rehimeng ito at ang mga kasapakat niyang opisyal militar at pulis. Makatarungan lamang na pabagsakin ang rehimeng Duterte dahil sa dami ng krimen nito sa mga Mindoreño at sambayanang Pilipino.

## Tugon ng LDGC sa pandaigdigang panawagan laban sa pandemyang Covid-19

Handa ang lahat ng mga yunit ng Lucio De Guzman Command-NPA- Mindoro na gumampan bilang mga *frontliners* sa paglaban sa pandemyang COVID19. Ito ay pagtalima na rin sa atas ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas-MLM.

Bilang pagkilala sa kaseryosohan ng usapin, nagdeklara ang rebolusyonaryong kilusan ng tigil putukan mula Marso 19 hanggang Abril 30 alinsunod sa panawagan ng UN sa pangkalahatang tigil–putukan ng lahat ng nagdidigmaang panig upang magsilbing dagdag na pwersa sa paglaban sa pandemya at para alisin ang mga balakid sa pagdala ng mahahalagang serbisyong panlipunan sa mga apektadong bahagi ng populasyon.

Ganun pa man, sa pagsabak sa gawain sa mga erya, hindi na lamang Covid-19 ang kinaharap ng mga kasama kundi pati na ang walang tigil na FMO/ RCSPO ng 203rd Brigade-PA at PNP-MIMAROPA. Lubusang binalewala ang panawagan ng UN at bagkus ay pinaigting ang kontra-insurhensyang programa nito imbes na pagtuunan ang paglaban sa pandemya. Kaya nalantad ang kawalang



MGA KWENTO NI KA MADAAY


malasakit ng pasistang rehimeng Duterte sa kagalingan ng mga mamamayang biktima ng pandemya. Ramdam ng mga kasama ang bigat ng dagdag na pasanin ng mga Mindoreño dulot ng patakarang *lockdown* ng rehimen.

Upang gampanan ang kanilang atas sa kampanyang anti-COVID, hindi lamang

libreng serbisyong medikal ang ibinigay ng ating mga frontliners kundi maging ang kanilang kakayahan sa paglilinaw sa nagaganap na lockdown at mga FMO/RCSPO sa mga komunidad ng mga magsasaka at katutubo. Ganyan nga ang tunay na hukbo ng mamamayan, kaya wala itong pag-iimbot na harapin ang anumang balakid sa paggampan ng mga rebolusyunaryong gawain.

Sa unang yugto pa lamang ng kampanyang pangkalusugan, masayang ibinalita ng isang yunit ang matagumpay na *minor operation* sa isang magsasaka . Dulot ng kahirapan at kakapusan sa kabuhayan, isang pamilya ang lumapit sa ating yunit sa kasagsagan din ng pandemyang Covid-19. Agad na tsinek-ap at binigyan ng paunang lunas ang may sakit. Hindi na ito makakin at apektado na ang pagtulog kung kaya humina ang resistansya at nalagay sa kritikal na kondisyon. Nang nasuri, may impeksyon na nagmula sa kanyang ngipin na kumalat sa kanyang gilagid at mukha.

Mahigpit ang kahilingan ng pamilya na gawin ng mga kasama ang kayang ibigay sa kanilang pasyente dahil mas mamabutihin nilang manatili sa kanilang lugar ang maysakit kaysa makipagsapalaran sa mga ospital at malagay ang buong pamilya sa pagkalantad sa pandemya. Bukod pa ang kawalan nila ng pera upang madala ang pasyente sa ospital na kahit nga pamasahe ay problema na.



Mula sa *diagnosis* ng pasyente ay agad na nilapatan ito ng lunas ng tim sa medikal. Kinabitan nila ng swero ang pasyente at doon na rin idinaan ang gamot na *antibiotic* laban sa impeksyon.

Isang linggo nilang inalagaan ang pasyente katuwang ang pamilya nito. Pinalakas muna ang resistensya ng maysakit at nang naging istable ang kalagayan, inoperahan siya sa gilagid. Matagumpay itong naisagawa. Breyktru naman ito sa sinasanay na mga opisyal-medikal. Habang nagpapalakas ang pasyente, nagtakda sila ng *duty* para sa pagsubaybay ng kanyang kalagayan. Nasaksihan nila ang unti-unting pagbalik ng lakas nito.

Para sa pamilya, katuparan na ng kanilang pangarap na makitang suportado ng swero, gamot at gamit medikal ang kanilang kapamilya sa loob mismo ng pamayanan. At libre pa ang serbisyo at gamot. Kaya naman sa kasiyahan nila, araw-araw nilang dinadalhan ng pagkain hindi lamang ang pasyente kundi pati ang mga kasamang nag-aasikaso ng pasyente. Sagana naman ang mga kasama sa gulay, kamote, saging at gabi. Bago umalis ang mga kasama ay ipinagkatay pa sila ng kambing ng pamilya bilang pasasalamat.

Habang may nagbabantay sa pasyente, ang ibang kasama ay naglulunsad ng talakayan, *film showing*, edukasyong masa, at kulturang pagtitipon. Naisagawa din ng mga sinasanay na medik ang libreng tsek-ap at panggagamot gamit ang tradisyunal na pamamaraan gaya ng akupangtura, pagpapainom ng mga halamang gamot kakumbina ng kanluraning panggagamot.

Nagbigay din ng pag-aaral kaugnay sa *virus* na Covid-19 at paano ito maiiwasan, ganun din ng iba pangkaraniwan at nakahahawang sakit sa pamayanan gaya ng tigdas, TB, sipon, at iba pang mga karamdaman.

Ang rebolusyonaryong kilusan ay naghahangad na matamo ng mamamayan ang tunay at libreng serbisyong medikal na para sa lahat at hindi lamang sa iilan. Bago pa man ang pandemya, malala na ang kalagayan ng sistemang pangkalusugan ng ating bansa. Mailalarawan ito na komersyalisado, elitista, maanomalya at maka-dayuhan. Walang maaasahang pampublikong serbisyong pangkalusugan ang mamamayan. Ang makalidad na serbisyo ay nakalaan lamang sa may kakayahang magbayad. Kulang na kulang sa pondong inilalaan ang pamahalaan kung kaya kapos ang pasilidad, serbisyo, kagamitan at gamot kaya hindi matamasa ng mga maralitang mamamayan ang tunay na serbisyong pangkalusugan.

Ang larawan na nalikha ng mga kasama sa partikular na kasong ito ay patanaw sa magiging larawan ng ating programang pangkalusugan: libre, syentipiko, makamasa, makabansa, maasahan, at may tunay na malasakit sa pasyente. May kaakibat itong kampanyang pang-edukasyon upang maiwasan ang pagkakasakit. Sadyang malaki pa ang limitasyon sa kakayahan ng rebolusyonaryong kilusan sa aspetong medikal pero nakatitiyak ang sambayanan na ang direksyon ng ating programa ay para sa mamamayan.

Malaking tagumpay ang ginampanan ng LDGC bilang *frontliners* laban sa Covid-19. Magpapatuloy ang lahat ng yunit nito hindi lamang sa paglaban sa Covid-19 kundi maging sa paggampan ng lahatang panig ng ating rebolusyonaryong gawain para sa higit nitong pagsulong at tagumpay.

# Pulang Saludo sa mga Dakilang Anak ng Mindoro! Mga tunay na Bayani ng Sambayanan!

**Pinakamataas na pagpupugay ang iginagawad ng Lucio De Guzmand Command-NPA Mindoro kina Ka Nato, Ka Lines, Ka DF, Ka Gabby, Ka Jorel at Ka Star. Sila ang mga magigiting na kumander at opisyal ng BHB at kadre ng Partido na walang pag-iimbot na nag-alay ng kanilang buhay sa paglilingkod sa uring inaapi at pinagsasamantalahan.**

Sina Bonifacio "Ka Nato" Magramo, Noli "Ka Lines" Siasico, Lorelaine "Ka DF" Saligumba ay mga tubong Sablayan, Occidental Mindoro. Si Lito "Ka Gabby" Buyayao Mogmog ay nagmula sa Panaytayan, Mansalay. Si Elmar "Ka Jorel" Morillo ay nagmula naman sa Lopez, Quezon habang si Justine "Ka Star" Vargas ay mula sa Taytay, Palawan.

Nagbuwis sila ng kanilang mga buhay sa magkakahiwalay na labanang naganap sa Mindoro at Palawan. Dakila ang buhay na inialay ng mga kasamang ito para tugunan ang malaking pangangailangan upang higit na isulong ang armadong paglaban ng mamamayang Pilipino hindi lamang para sa Mindoro kundi sa iba pang probinsya ng Timog Katagalugan.

### Bonifacio "Ka Nato" Magramo

Kumilos siya nang mahigit isang dekada sa Mindoro at mahigit dalawang dekada sa Palawan. Siya ay galing sa pamilyang magsasaka at namulat bunga ng pakikibaka sa okupasyon sa lupang PLDT, Ilvita, Sablayan noong 1986-87 sa panahon ng paglakas ng kilusang magsasaka sa isla. Mula nang mamulat, nagtuluy-tuloy sa pag-oorganisa at pamumuno sa hanay ng magsasaka. Sumapi siya sa samahang magsasaka at sa yunit ng milisyang bayan upang ipagtagumpay ang okupasyon sa lupang kanilang binubungkal. Nagpultaym siya sa Hukbo noong huling bahagi ng dekada 80 at isa sa naging haligi ng mga itinayong larangang gerilya sa isla ng Mindoro.



Tinanggap niya ang hamon ng paglipat sa Palawan noong 1999 upang mapalakas ang nasimulan nang pagtatayo ng larangang gerilya doon. Kahit na napalayo sa kanyang pamilya hindi ito naging sagka para sa kanyang tuluy-tuloy na pagkilos. Mahigit kalahati ng kanyang buhay ay nailaan sa pagsusulong ng kilusang magsasaka at ng rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanang Pilipino. Hindi matatawaran ang kanyang naging ambag sa pagpupundar ng Partido at Hukbo sa Mindoro at Palawan.

### Noli "Ka Lines" Siasico

Nakilala din siya bilang si Ka Chino/Homer/Meriz/Emjohn/Yayo. Mula siya sa pamilyang magsasaka na tulad ni Ka Nato ay namulat sa pakikibakang magsasaka at nagsimulang kumilos sa okupasyon sa lupa ng PLDT sa Ilvita, Sablayan. Napasama din siya sa milisyang bayan hanggang sa nagpultaym sa Hukbo. Mahabang panahong naitalaga si Ka Lines sa pangunahing panlabang yunit ng BHB sa Mindoro. Sa panahon ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP) kung saan pinaliit ang mga yunit panlaban, naitalaga na siya sa panteritoryong yunit sa Occidental Mindoro. Bahagi siya ng yunit na itinalaga sa gitnang Occidental Mindoro sa pagbawi dito sa panahon ng IDKP.

Naging kagawad siya ng Komite ng Partido sa Isla ng Mindoro noong 2003. Nakalahok siya sa mga taktikal na opensiba upang ipagtanggol ang mamamayang Mindoreño laban sa mga despotikong PML, at sa pang-aabusong ginagawa ng AFP-PNP sa masang magsasaka at Mindoreño. Muli niyang hinawakan ang yunit panlaban ng isla mula 2006 hanggang 2018 bago siya napalipat sa Palawan.



Inspirasyon si Ka Lines ng maraming masa at kasama dahil sa kanyang katatagan at katapangan upang durugin ang pasistang kaaway. Ubos-kayang ginampanan niya ang pagsusulong ng armadong pakikibaka sa kabila ng pagkakasakit, pagkamatay ng asawa sa isang depensibang labanan na siya mismo ang nagdala at ilang krisis sa paggampan ng kanyang mga gawain. Subalit matapang at matatag na hinarap niya ang mga ito.

Nailipat siya sa isla ng Palawan noong 2018 upang maging dagdag na lakas sa tangkas ng mga kadre sa dakong ito ng rehiyon. Hindi siya kailanman nag-alinlangan sa pagtupad sa kanyang tungkulin, kahit kaakibat nito ang mas malalaking hamon at sakripisyo hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay.

### Lorelaine "Ka DF" Saligumba

Lorelaine "Ka DF" Saligumba. Nakilala din siyang Ka Fara, mula sa pamilyang magsasaka. Nag-aaral siya sa hayskul nang naugnayan ng mga kasama sa kanilang lugar. Mula nang namulat, aktibong

sumuporta sa Hukbo at kaagad na kumilos sa pag-oorganisa ng kapwa niya kabataan.

Nakabilang siya sa mga progresibong manggagawang pangkalusugan na iligal na inaresto, ikinulong at sinampahan ng gawa-gawang kaso na nakilala bilang Morong 43 noong Pebrero 6, 2010. Pagkaraan ng isang taon matapos lumaya, higit na tumibay ang kanyang realisasyon na ang gamot sa nagnanaknak na kanser ng lipunan ay mahahanap lamang sa rebolusyonaryong pagbabago ng lipunang Pilipino sa pamamagitan ng armadong pakikibaka. Sa ganitong sirkumstansya, naghanap siya ng ugnay sa *New People's Army* sa pamamagitan ng kanyang mga kababaryo na kasapi ng mga rebolusyonaryong organisasyon — at nagsimula ang kanyang matapat at walang pag-iimbot na paglilingkod sa interes ng masang api at pinagsasamantalahan.

Sa loob ng hukbo ay gumampan siya bilang opisyal sa pulitika, medikal, lohistika at militar. Masigasig na kumilos at nagmulat ng masa saan mang erya maitalaga. Ang paglilingkod ni Ka DF sa mga Mindoreño ay sumaklaw ng mahigit isang dekada na nagpatunay sa kanyang walang pag-iimbot na sakripisyo upang makapag-ambag sa abot ng kanyang kakayahan.

Sa rebolusyonaryong kilusan na siya nakapagtayo ng pamilya hanggang sa maging ina. Mahusay niyang ginampanan ang kanyang tungkulin sa pamilya habang pinatibay ang paninindigan na maglingkod sa bayan.

Sa panahong nananalasa ang Covid-19 sa isla ng Mindoro, walang pag-aalinlangang tinanggap niya ang tungkuling balikan ang pansamantalang naiwanang lugar sa dulong norteng larangan ng isla. Naging bahagi siya ng yunit na naatasang maghatid ng serbisyong medikal at edukasyon sa mamamayang Mindoreño sa paglaban nito sa pandemya. Nasa proseso ng pagtupad ng misyong ito nang kubkubin ng militar ang kanilang pwesto noong Hunyo 4 sa Brgy. Mamangan Uno, Baco, Oriental Mindoro.

Nasugatan at tinamaan si Ka Lorelaine sa binti at nagawa pa niyang mag-*tourniquet* at lagyan ng benda ang kanyang sugat para patigilin ang pagdurugo bago pagapang na umatras. Inabutan siya ng mga kaaway sa sapa habang gumagapang papalayo at isa nang *hors de combat* o wala nang kakayanang lumaban. Sa batas ng armadong tunggalian, ang mga *hors de combat* ay may karapatan sa paggalang sa kanilang buhay, dignidad at mga karapatang tao. Ganun pa man, itinuloy ang pag-interoga sa kanya at sinakal pa bago walang awang tinadtad ng bala ang kanyang katawan ng mga pasista.

### Lito "Ka Gabby" Buyayao Mugmog

Nakilala din bilang Ka Albyur, isa siyang Hanunuo na nagmula sa Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro. Ipinanganak siya noong Marso 14, 1997 at pangatlo sa apat na magkakapatid. Kasama siya sa tim ni Ka DF bilang katuwang sa misyon na magbigay serbisyong medikal sa panahon ng pananalasa ng Covid-19 sa dulong norte ng isla ng Mindoro.



Bago pa man siya nagpultaym noong 2016, naging aktibo na siya sa kilusang masa sa kanilang lugar na nagsusulong ng karaingan ng kanilang etno-linggwistikong grupo ng Hanunuo. Nakilala siya sa kanilang lugar na si "Karabaw" dahil sa di karaniwang lakas sa edad niya. Responsable siyang anak kung kaya batak ang katawan sa mabigat na trabaho sa pagtaguyod ng kanyang mga kapatid. Ito rin ang dahilan kung bakit hindi na niya naipagpatuloy ang kanyang pag-aaral.

Sa panahong pultaym, kinakitaan na siya ng kasiglahan at kasipagan sa paggampan ng gawain bilang nakababatang opisyal. Kilala siya ng mga kasama bilang masayahin at malapit sa kapwa niya katutubo at kabataan. Inilaan niya ang mahigit tatlong taon ng buong pusong paglilingkod sa sambayanan. Naging kagawad ng Komiteng Seksyon sa Platun at tumatayong VIL/ IL sa mga iskwad ng Hukbong Bayan bago siya mapaslang.

Nasugatan siya sa depensibang labanan noong Hunyo 4, bandang alas-4 ng hapon sa Brgy. Mamangan Uno, Baco, Oriental Mindoro. Nahagip siya ng bala ng 76IBPA sa proseso ng pag-atras at nasalo pa ng masa sa kanyang inatrasan. Kinordon ng kaaway ang kanyang pwesto kaya habang hinaharap ng sumalong masa ang mga ito ay sumibat siya ng pwesto at nagtago sa sukalan. Hindi na siya nakita ng kasamang nagsikap na magligtas sa kanya. Sa pagtago habang sugatan, naubusan siya ng dugo hanggang sa nalagutan ng hininga. Pinili niyang mamatay sa piling ng masa kaysa sa mapasakamay ng mga berdugong AFP-PNP.

### Elmar "Ka Jorel" Murillo

Nakilala din siya bilang Ka Gino. Nagmula si Ka Jorel sa isang pamilya ng mga magsasaka mula sa Lopez, Quezon. Panganay siya sa apat na magkakapatid at sa murang edad ay tumutulong na siya sa kanyang mga magulang sa pagsasaka. Sa katunayan, kursong agrikultura ang kanyang kinuha sa pagnanais na mas mapaunlad pa ang kalagayan ng kanyang pamilya.

Dahil sa angking kagalingan at talas sa pagsusuri sa kalagayan ng lipunan, isa siya sa mga nanguna sa pag-oorganisa at pagpapakilos ng mga kapwa niya kabataan sa kanilang lugar. Kahit sa burges na pulitika, kinikilala ang pamumuno niya bilang *SK Chairman* ng kanilang barangay at sa proseso'y nahalal na kagawad ng Sangguniang Barangay.

Bilang lokal na kasapi ng Partido aktibo rin siyang naging kagawad ng yunit milisya na katuwang ng yunit ng BHB sa pagtatanggol sa kanilang komunidad mula sa mga pasistang atake ng berdugong AFP.

Huling hati ng taong 2014, nakita niya ang mas higit pang pangangailangang makilahok sa armadong pakikibaka sa kanayunan.

Kumilos at nagpultaym siya sa kanyang probinsya hanggang nailipat sa Mindoro noong 2018. Ubos-kaya at buong husay na ginampanan ni Ka Jorel ang lahat ng atas at resposibilidad niya sa loob ng rebolusyonaryong kilusan. Nakilala siya ng mga namumunong kadre at kumander bilang mapangahas, mapamaraan, at may malakas na inisyatiba sa lahat ng gawain. Kilalang-kilala si Ka Jorel ng mga kasama sa kanyang katangiang masayahin, palabiro at malapit sa lahat ng kasama. Isa siyang nakababatang opisyal at kadre ng Partido.

Di rin matatawaran ang pagiging mabuti niyang asawa. Pinatunayan niya na ang rebolusyonaryong pag-ibig ay pangunahing nagsisilbi sa pag-unlad nilang mag-asawa para sa mas mahusay pang paglilingkod sa sambayanan.

Napaslang siya ng pasistang kaaway sa isang labanan noong Mayo 31 bandang alas 6:30 ng hapon sa So. Casilian, Brgy. Bugtong na Tuog, Socorro. Nakaharap ng yunit niya sa labanang ito ang dalawang platun mula sa 76th IB na nasa ilalim ng kumand ng 203rd brigade ng berdugong AFP.

**Justine "Ka Pia" Vargas**

Nakilala siya sa Mindoro bilang si Ka Star. Biktima ang kanilang pamilya ng panggigipit sa hanapbuhay at panirahan. Sa kasiglahan ng pagkilos ng mga mangingisda noong taong 2016 upang tutulan ang mapaniil na batas na *Provincial Council for Sustainable Development Administrative Order No. 5* o PCSD AO5, matatandaang si Ka Pia ay aktibong lumahok upang ipabasura ito. Naligalig at lubos na nabahala si Ka Pia sa patuloy na banta ng demolisyon sa tirahan ng mga nasa babay-dagat upang bigyang daan ang mga eko-turismong proyekto ng lokal na pamahalaan. Katulad ng kanyang mga kababaryo, nangamba rin siya na muling minahin ang buong isla ng Paly sa bayan ng Taytay sa Palawan na kanyang kinamulatan.

Iisang taon pa lamang sa NPA si Ka Pia ngunit ang kanyang buhay ay di maaaring tumbasan ng bigat ng kabundukang Matalingahan sa kadakilaan nito. Mataas ang kanyang respeto sa NPA dahil aniya walang unang tumulong sa isla ng Paly nang ito ay minahin noon kundi ang mga NPA lamang. Napatigil ng NPA ang operasyon nito nang winasak ang mga makinaryang sisira sa isla ng Paly kung natuloy ang nasabing pagmimina. Ilang araw bago ang kanyang ika-18 taong gulang ay humanap na siya ng ugnay sa NPA at doon niya nakita ang solusyon sa kahirapan ng mamamayan.

Napaslang ang kasama sa Brgy. Gapasan, Magsaysay, Occidental Mindoro noong Setyembre 14 habang gumagampan ng kanyang mga rebolusyonaryong gawain nang mapalaban sa mga pasistang tropa ng 203rd Brigade.

Sa pagpanaw ng mga mahal nating kasama, nawalan tayo ng mga mahuhusay na anak ng bayan, mga mapagmahal na kaibigan at kapatid, at mga matitibay na katuwang sa paglaban sa mga uring magpagsamantala at mapang-api. Ang kanilang mahabang karanasan sa pakikibaka ay magsisilbing hamon at inspirasyon ng bawat isa upang maging higit na matatag sa pagtangan ng mga tungkulin hanggang sa makamit ang malaya at masaganang lipunang Pilipino.

Napatigil man ng pasistang dahas ang kanilang paghinga at pagtibok ng puso, subalit hindi ang paghihimagsik ng sambayanang pinagsasamantalahan at binubusabos ng naghaharing panginoong maylupa, malaking burgesya komprador at dayuhang kapangyarihan. Ang galit ng mamamayan sa isang ganid, tiraniko't teroristang katulad ni Duterte ang magpapalagablab ng apoy ng paghihimagsik ng inaaping uri. Tiyak ang tagumpay ng bagong tipong pambansa-demokratikong rebolusyon sa inspirasyon ng mga dakilang martir at bayani ng sambayanan.



**"Ang kanilang mahabang karanasan sa pakikibaka ay magsisilbing hamon at inspirasyon ng bawat isa upang maging higit na matatag sa pagtangan ng mga tungkulin hanggang sa makamit ang malaya at masaganang lipunang Pilipino."**

**KULTURA**

# Tagumpay ang Batayang Taktikal na Opensiba!

Sumigaw ang Platun Lider, "Pasa handa!" Sabay pinaputok ang *signal fire* na agad nagpahinto sa sasakyan ng kaaway. Kasabay ang pagbuhos ng punglo mula sa mga gerilya na may katiyakang maipagtatagumpay ang labanan.

Tagumpay ang taktikal na opensiba! Humanda sa birada! Ngayon aatras na ang Bagong Hukbong Bayan upang mabilis na tapusin ang isang labanan para sa susunod na pagdurog sa kaaway.

May regular na ehersisyo tuwing umaga, pagsasanay, at mga pampulitikang aktibidad. Abala ang mga kasama sa gawaing paniktik upang ganap na ma-*zero* ang mga target habang ang iba ay nag-aayos ng mga rekurso at panustos para sa malaking aktibidad. Inaayos na din ang mga gamit medikal, mga riple at eksplosibong gagamitin. Handa na ang lahat. Lalarga na papuntang ambus sayt.

Sa aming paglalakbay sa gabi madalas madilim ang aming daanan kapag walang buwan at bawal gumamit ng flashlight. Mahabang lakaran sa matatarik na gulod ang dinaanan. Mabigat na *backpack* ang pasan. Maulan at malamok na magdamag ang kinasanayan. Ayos lang, kung para sa bayan. Tayo nang mag-talabantay upang hindi maunahan.



Tanaw na sa kalayuan ang ilaw ng kabayanan. Maya-maya pa't papalapit na sa kalsadang semento na pagdarausan ng labanan. Dahan-dahan. Sabay takbo nang hindi mahagip ng liwanag mula sa mga dumaraang sasakyan. Alas onse ng gabi, Setyembre 27. Agad na nagsiyasat ang mga kasama at pagkatapos ay pumakat na sa kanya-kanyang pormasyon at paborableng posisyon. Bawat isa'y naghukay ng paksol at gumawa ng mga *sand bag* habang ang iba'y pumwesto sa mga malalaking puno upang magkober. Pagputok ng liwanag, nananatiling mataas ang alerto ng mga kasama. Handang mapalaban anumang oras at senaryong maaaring maganap.

Alas onse y media ng umaga, Setyembre 28, paparating na ang sasakyan ng kaaway. Lulan ang limang pasistang elemento ng *Regional Mobile Force Battalion* (RMFB) - MIMAROPA na may malalaking kaso ng pang-aabuso at paglabag sa karapatang-tao ng mga Mindoreño. Bumungad sa pormasyon ng Tres ang mga pasistang kaaway. Sumigaw ang Platun Lider, "Pasa handa!" Sabay pinaputok ang *signal fire* na agad nagpahinto sa sasakyan ng kaaway. Kasabay ng pagbuhos ng punglo sa unang bugso at pagsabog ng mga eksplosibo ang pagkandarapa ng mga pasistang kapulisan na mabuhay. Gumanti ng ilang putok ang mga kaaway, ngunit bigo silang patamaan kahit daplis ang hanay ng Bagong Hukbong Bayan.

Sugatan at duguan, dinig ang lagatok ng kanilang *combat boots* at ang mando ng reaksyunaryong opisyal na umatras. Nagpatapon ang iba sa mataas na bangin ng Mabajo, naghihingalo. Umabante na ang *assault team*, tiniyak na malinis na ang paligid. Kinumpiska ang mga kagamitang militar sa iniwanang sasakyan at pagkatapos ay sinilaban ang sasakyan ng kaaway.

Sa perspektiba ng isang kabataang peti-burges na wala pang karanasan sa labanan, ito pala ang pakiramdam ng tagumpay. Sa pagpapaputok ng baril upang ipagtanggol ang mga sibilyang walang kalaban-laban sa atake ng mga berdugong sundalo, kasabay ng kampanyang ganap na durugin ang kaaway at agawin ang pampulitikang kapangyarihan. Handang magbuwis ng buhay kung kinakailangan. Walang lugar ang takot at kaba. Ang malinaw, walang ibang tanging solusyon kundi ang Demokratikong Rebolusyong Bayan.

Walang nasugatan at napaslang sa ating hanay! Tagumpay ang Batayang Taktikal na Opensiba! Ngayon aatras na ang Bagong Hukbong Bayan. Tayo'y magmamartsa patungo sa mamamayan na ating base. Kakamayan ang masang sabik na parangalan ang kanilang hukbo matapos ang labanan. Pansamantala tayong aatras matapos ang matagumpay na taktikal na opensiba upang maghanda at magpalakas para sa susunod na pagdurog sa kaaway.




# Hukbo ako

*ni Ka Jorel*

(Namartir noong Mayo 31 sa Socorro, Ormin.)

Hukbo ako
May prinsipyong maka-masa
Tangan lagi ang bakal na disiplina
Patakaran ng Partido't hukbo ang laging dala-dala

Hukbo ako
Na laging handang magsakripisyo
Haharapin ang kahirapan
Ng walang kapalit na kahit ano

Ang malayo sa pamilya
Mga mahal sa buhay ay kakayanin ko
Dahil nakahanda ako na maglingkod sa inyo
Kasama ng marami, pababagsakin ang bulok na estado

Hukbo ako
Handang ialay ang lahat
Ultimong ang kaisa-isang buhay
Alang-alang sa sambayanan

Ibabagsak ang estadong sa mamamaya'y sumisikil
Kahit sa imbing kaaway ay di pasisiil
Hakbang ay laging pasulong
Hawak ang gatilyo ng baril
Ipuputok sa kaaway ng bayang
sa atin ay kumikitil

Rebolusyon ang kasagutan
Sa nangyayari noon hanggang sa kasalukuyan
Armas ay mahigpit na hawakan
Huwag na huwag itong bibitawan
Ubos kayang manindigan
Upang atin nang makamtan
Hangad na kalayaan.

Ang ALAB ang rebolusyonaryong pahayagan sa Isla ng Mindoro. Pinapatnugutan ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (Marxismo-Leninismo-Maoismo) sa Mindoro.

Para sa anumang katanungan, komento, kontribusyon o mungkahi, maaaring ugnayan ang patnugutan ng ALAB sa:

alabngdigmamindoro@gmail.com

@alabngdigmamindoro

Maaaring idownload ang kopya ng ALAB at iba pang rebolusyonaryong pahayagan sa www.cpp.ph